

# Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular

Nacorda, Rey Francis T. ✉

DepEd- Mandaue City Division, Philippines ([reyfrancis.nacorda@deped.gov.ph](mailto:reyfrancis.nacorda@deped.gov.ph))

Garma, Jonel C.

DepEd- Talisay City Division, Philippines ([jonel.garma@deped.gov.ph](mailto:jonel.garma@deped.gov.ph))

Received: 30 October 2022

Available Online: 8 November 2022

Revised: 2 November 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.371

Accepted: 8 November 2022



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

## Abstract

This study explored and analyzed the current terminologies used by Senior High School students and its implication for the trends of popular culture. It has been found that Senior High School students tend to commonly use the trending terminologies in their daily communication with peers. Popular culture stimulates the students to use trending terms in their casual conversation to be more expressive and creative in their communication. These existing terminologies are rampant in different online platforms, particularly in TikTok where most of the students spent their screen time. It is also found that popular culture influenced the existence of current terminologies used by students in terms of Social Media, Online Games, and Clothing. The gathered trending terminologies revealed the common structure in language patterns using acronyms, back-formation, combination, and syllable change. Determining its word origin and providing a contextual definition. Furthermore, this study analyzed the effect of popular culture on the language usage and self-expression of the students. In conclusion, further study of new terminologies influenced by popular culture and their impact on education must be broadened to develop new teaching strategies suitable for the student's learning capacity and the contextualized teaching-learning process.

**Keywords:** kulturang popular, implikasyon, trends, senior high, pagtuturo

## **Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular**

### **1. Panimula**

Sa kaso ng Pilipinas, ang pananaliksik sa kulturang popular ay nagsisimula sa panitikan. Ang siyentipikong si Soledad Reyes ay mahusay sa larangang ito. Dahil dito, ang pagsusuri sa kulturang popular ay hindi limitado sa pananaliksik sa medya. Napag-usapan din ang mga teksto tungkol sa jeep, pagkain, pelikula, cartoons, at nobela (Tolentino at Devils, 2015). Habang patuloy na lumalawak at saklaw ng kulturang popular, mahalagang isaalang-alang ito bilang isang kasangkapan sa pag-aaral. Ang sikat na kultura ngayon ay makikita at maipahayag sa: musika, mga palabas sa TV, mga pelikula, mga clip sa YouTube, mga podcast; komiks, memes, video game at iba pa. (Nielsen, 2019). Ang paggamit ng panitikan sa kulturang popular ay maaaring makatulong na panatilihin nakatuon ang mga mag-aaral (Alvermann, et.al 2007). Sa madaling salita, mahalagang gumamit ng iba't ibang estratehiya upang mapataas ang interes ng mga mag-aaral sa literaturang itinuturo mo. Gaya ng nabanggit sa itaas, mga podcast, memes, palabas sa TV, mga clip sa YouTube, pelikula at higit pa. Ang paggamit ay kabilang sa kulturang popular at ginagamit ng mga mag-aaral ngayon ang nasa itaas. Pagkatapos ay madaling maunawaan ng mag-aaral ang patuloy na talakayan. Ipinangatuwiran nina Alverman, et.al (2007) na ang paggamit ng panitikan sa kulturang popular ay makatutulong na mapanatili ang interes ng mag-aaral.

Sa pagtuturo ng panitikan, mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang mensaheng sinusubukang ihatid ng akda at ang dahilan ng paglalathala nito. Ito ay nagpapahintulot sa mag-aaral na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga babasahin na tinalakay. Ayon kay Clapton (2015), mapapabuti ang kalidad ng edukasyon ng guro kung ito ay palalawigin at palalalimin sa pamamagitan ng paggamit ng kulturang popular. Sa madaling salita, dapat itong gamitin upang palalimin ang konteksto ng isang talakayan sa kulturang popular. Ang mga makabagong pamamaraan tulad ng paggamit ng kulturang popular sa edukasyon ay tumutulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, panonood at pagsasalita. Tinutulungan din nito ang mga mag-aaral na kritikal na basahin ang impormasyong nakikita nila sa social media araw-araw. Naniniwala si Saberola (2018) na ang kulturang popular ay naiimpluwensyahan ng teknolohiya, pagkain, pananamit at musika. Karaniwan, ang pop culture ay tumutukoy sa "in," "popular," o isang bagay na uso. Mabuting gamitin ang kulturang popular sa pagtuturo dahil nakakakuha ito ng atensyon ng ating mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ni Jackson (2016) sa "Engage Middle Schoolers by Bringing Pop Culture into your Lesson Plans," na nag-aalok ng pitong mungkahi. Maging isang manlalaro. Tularan ang iyong paboritong palabas. Karaoke/pagkanta sa ibang wika; pag rekomenda; koneksyon sa musika; nanonood ng pelikula; at manood ng mga sitcom.

Ang pagkonekta ng isang klase sa isang bagay na sikat ay isa sa mga pinakaepektibong paraan upang gawing mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang isang klase. Ito ay lalo na nag-uudyok sa kanila na makisali sa mga aktibidad na nakakaengganyo at nakakaintriga. Nalaman ng isang pag-aaral ni Werner (2020) na ang paggamit ng mga pop lyrics o sikat na liriko ng kanta ay isang magandang diskarte na magagamit ng mga guro sa pagtuturo ng gramatika at ilang isyu sa wika. Bilang karagdagan, iniulat ni Issa (2020) na ang paggamit ng mga cartoon at political cartoon bilang isang anyo ng kulturang popular ay epektibo para sa edukasyon ng wika. Sinabi ni Dougherty (2002) na ang paggamit ng mga cartoon ay maaaring magsulong ng kritikal na pag-iisip, palawakin ang mga talakayan at makaakit ng atensyon ng mga mag-aaral. Ayon kina Chin at Teou (2008), ang mga cartoon ay nakakatulong na magbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral at nagbibigay-daan sa mapanimdim na pagmamasid. Ayon kay Kukkonen (2011), ang mga cartoon ay isa ring mabisang kasangkapan para sa edukasyon ng wika. Sa madaling salita, hindi lamang maaaring ituro o ipaliwanag ng mga guro ang mga tuntunin sa gramatika, ngunit magagamit din ang mga ito bilang pagsusuri sa wikang ginagamit nila para sa mga kasalukuyang palabas, pag-uusap, kanta at maging sa mga cartoons. Sa ganitong paraan, nagiging mas interesante para sa mag-aaral na matutunan ang wika.

Naobserbahan ni Saberola (2018) na ang pagsasakonteksto ng iba't ibang aral ng kulturang popular ay

maituturing na isa sa mga kasanayang magagamit ng mga guro sa pagtuturo. Ang mga klase na ginagamit sa popular na kultura ay magkahawak-kamay, na nagpapadali sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa pandemya na kinakaharap natin, lalong ginagamit ng mga estudyante ang social media bilang pangunahing paraan ng pagpapalaganap ng kulturang popular, kaya hinihikayat ang mga guro na samantalain ang pagkakataong ito. Gamitin ito upang mapataas ang interes ng mag-aaral at mas makapag-aral. Bagkus, ang pag-aaral na ito ay naglalayon na suriin ang mga dahilan ng paglitaw ng mga makabagong terminolohiya mula sa mga damdaming nagpapasigla o nag-uudyok sa mga kabataan na gamitin ito bilang tagapagsalita sa pang-araw-araw na buhay.

Higit sa lahat, ito ay isang pag-aaral na nakatuon sa paggamit at pagbuo ng modernong balbal. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga para sa pagpapabuti ng pag-unawa sa wika ng mga kabataan at nagsisilbing ebidensya ng kamalayan ng mga pagkakaiba ng wika sa kanilang mga katangian at kakayahan sa wika, gayundin sa komunikasyon at pagmamasid sa paggamit ng wika. Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga napapanahong wika na ginagamit ng mga mag-aaral sa Senior High mula sa mga umuusbong na kulturang popular ng kabataan. Sinuri rin sa pag-aaral na ito ang estruktura ng mga salita at mga kadahilanan bakit yumayakap ang mga mag-aaral sa umuusbong na kulturang popular. Sinuri rin ang implikasyon ng kulturang popular sa edukasyon para sa mga mag-aaral at mga guro. Ang papel na ito ay magsisilbing sanggunian ng mga guro sa paglalapat ng kulturang popular sa kanilang pagtuturo sa wika at panitikan.

## 2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng deskriptibong pamamaraan upang matukoy at mailahad ang mga makabagong wika ng mga mag-aaral sa Senior High sa Cebu. Gumamit ng purposive sampling ang mga mananaliksik sa pagpili ng mga tagatugon sa pag-aaral. Tiniyak na ang tatlong (30) tagatugon sa pag-aaral ay konektado sa pang-medya na mga aktibiti. Dahil ang mga tagatugon ay nasa Senior High isinaalang-alang ang etikal na konsiderasyon sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot sa mga partisipante. Ginamitan ito ng sarbey kung saan pinatala sa mga mag-aaral ang malimit na salita na ginagamit nila sa pakikipag-usap sa klase na nakuha nila mula sa mga social media platform. Tinukoy ng mga mananaliksik ang malimit na tugon at hinanay ito ayon sa estruktura, orihinal na salita at kahulugang kontekstwal. Sa pagtukoy naman sa implikasyon ng kulturang popular sa edukasyon para sa mga mag-aaral at mga guro ay nagkaroon ng impormal na pakikipanayam sa mga tagatugon. Mula sa nasuri na mga datos ay ipinabaledeyt ito sa eksperto at pinatignang muli sa mga tagatugon upang matiyak ang kawastuhan nito.

## 3. Resulta at pagtatalakay

Sa bahaging ito, inilahad ang mga nakalap na mga salita mula sa kulturang popular na ginagamit ng mga mag-aaral sa Senior High ang estruktura, pinagmulang salita at kahulugang kontekstwal nito. Ipinaliwanag rin ang implikasyon na umuusbong sa kulturang popular mula sa pag-aaral ng mga kalahok.

### 3.1 Mga nabuong makabagong salita mula sa umuusbong na kulturang popular

#### Talahanayan 1

*Paraan at estruktura ng mga salita na nabuo sa kulturang popular ng social media*

ESTRUKTURA	MGA SALITA	PINAGMULANG SALITA	KAHULUGANG KONTEKSTWAL
Pagpapalit-pantig	forda	for the	Forda go ang ferson sa laag.
Pagbabaligtad	ferson	person	Grahi kaayo mo sayaw sa Tiktok ang Ferson.
	omsim	mismo	Mao nay sakto bai, omsim!
	amus	suma	Amus nag-chat man ta gabie.
	xaler	relax	Xaler lang ka diha, ako nay bahala.
	eurt	true	Eurt, mao na iyang gi ingon erp.
Paggamit ng Akronim	erp	pare	Asa man ka karon erp?
	egul	lugi	Egul tas pagwapohay ato niya erp.
	lf	looking for	Lf preloved nga senina, kuhaon dayon.
	fr	for real	Kamo na ni Christopher? fr?

	wdym	what do you mean	wdym sa imong chat ganina par?
	cyl	chat you later	cyl par mokaon usa ko.
	jk	just kidding	Wala man toy klaro kasabot murag ikaw, jk.
Kombinasyon	apollo10	apologies	Nagsige nalang kag laban niya mura nakag apollo10.
	madumb	madam	Ka gwapang madumb oy,wa gyud ko gitubag sa chat gabie.
	korek	correct	Korek mao nay sakto nga tubag.
	emz	atik lang	Emz ra ang tanan.
	jugar	smoke	Gikan nag palit og jugar akong mga higala.
	madi	babaeng kaibigan	Madi, asa naka dapit sa atong reporting?
	padi	lalaking kaibigan	Oy padi, asa diay ka karon?
	mamsh	mother	Mamsh, unsay sud-an karon?
	cutie	manifestation	Unta makapalit nakog bag-o nga cellphone, Cellphone Cutie.
	skerd	tatakot	Ayaw kabalaka, di ma skerd!
	Y dutch	walang pera	Y dutch man ko karon par oy.

Nakita sa talahanayan 1 na talamak ang makabagong wika na ginagamit ng mga mag-aaral sa Senior High sa kanilang istandard na pakikipag-usap. Malinaw ito na nagpapakita na ang kulturang popular sa social media ay malugod na tinangkilik ng mga bata sa kasalukuyan. Napag-alaman rin na ang mga wikang ginamit ay may kaugnayan sa makabagong pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral pasalita o pasulat na pamamaraan.

Ayon sa pag-aaral nina Quijote et al. (2016), ang wika ay isang mahalagang susi para sa isang bansa dahil ito ay ginagamit upang makipag-usap, makipag-usap at makipag-ugnayan sa bawat mamamayan. Mahalaga ito dahil kung wala ito, hindi umunlad ang ekonomiya kung hindi nagkakaisa o nagkakaintindihan ang mga tao. Sa paglaki ng henerasyong ito ay ang paglago ng wikang Filipino. Lumaki ang iba't ibang wika at nagsimulang lumikha ng mga bagong salitang balbal, tulad ng wikang Beki, Jejemon at marami pang ibang wika sa kalye.

Ayon kay (J. Lee, 2015), ang tamang paglikha o pagbuo ng mga salita at pangungusap ay nangangailangan ng wastong deliberasyon sa terminolohiya ng mga pangungusap upang matatas magsalita sa larangan ng komunikasyon. Ito ay kinakailangan upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan ng mga salita mula sa iyong mga naipahayag. Ang kadalasang rason ng mga mag-aaral kung bakit sila yumayakap sa umusbong na kulturang popular ng social media ay para madali niyang maipaalam ang kanilang nais at ipabatid sa kanyang kausap dahil pareho silang gumagamit nito. Nakita rin nila na mas kawili-wili ang kanilang palitan ng ideya at impormasyon kung ang mga makabagong salitang ito ang kanilang gagamitin sa pakikipag-usap sa kapwa.

## Talahanayan 2

*Paraan at estruktura ng mga salita na nabuo sa kulturang popular ng online games*

ESTRUKTURA	MGA SALITA	PINAGMULANG SALITA	KAHULUGANG KONTEKSTWAL
Pagpapalit-pantig	ez	madali	Kana ra? Sos ka ez.
Pagbabaligtad	sakalam	malakas	Sakalam mo duwa si Dennis og ML.
	arat	tara	Arat na bai mag ML nata.
	aw olark	hindi klaro	Aw man ka olark ka duwa boss.
	obob	bobo	Obob sad nimo ka duwa oi.
Paggamit ng Akronim	lol	laugh out loud	Oy kahina nimo mo lihok oy, Lol.
	brb	be right back	Brb par mag charge sa kos akong cellphone.
	GG	Good Game	Maayo kaayo ang duwa ganina, GG!
	GGWP	Good Game Well Played	Congrats Bai GGWP.
	G	Game	G, magduwa tag balik.
Kombinasyon	tanso	mahina	Oy ka tanso sa nimo ka duwa.
	kanser	walang kwenta	Oy kanser sa grupo.
	talpak	pumusta	Ali na erp talpak na diri.

Sa Talahanayan 2, makikita ang mga makabagong wika na nabuo sa kulturang popular ng online games. Nalista ang mga salita ng kasalukuyang ginagamit ng mga mag-aaral sa Senior High na manlalaro. Napag-alaman na gumagamit sila ng mga terminolohiyang ito upang mas mapadali ang kanilang komunikasyon sa kalaro dahil habang sila ay naglalaro ay may hinahabol silang oras kaya malimit sa mga salita na kanilang ginagamit at ang mga pinaikli at paggamit ng akronim ang kadalasan nilang ginagamit sa pakikipagpalitan ng mensahe sa kapwa

manlalaro.

Nabanggit ni Sabourin at Lester (2014) sa kanilang pag-aaral na “Affect and Engagement in Game-Based Learning Environments”, bagaman ang mga diskarte na "game based" ay nagpapakita ng mahusay na pangako sa pagpapabuti ng pakikipag-ugnayan, positibong epekto, at pag-aaral, mayroon pa ring mga natitirang tanong tungkol sa kung paano nakakaapekto ang nilalaman ng laro sa karanasan ng mag-aaral. Ang pag-unawa sa epekto ng nilalaman at pakikipag-ugnayan sa mga kapaligiran sa pag-aaral ay batay sa mahalagang salik sa tagumpay ng pag-aaral ng laro. Mula sa mga salitang nailatag napag-alaman na ang mga manlalarong senyur hayskul ay yumayakap sa kulturang popular ng online games ay para madama nila ang (sense of belongingness) at mas magkaroon sila ng maraming kaibigan at kalaro sa mga online games ngayon.

Ayon sa pag-aaral ni Plass et al. (2016), “Foundations of Game-Based Learning”, ay disenyo ng laro ay mahalaga dahil nagsisilbi itong pukawin ang interes ng mga mag-aaral. Ang isang kumbinasyon ng mga nagbibigay-malay, motibasyon, madamdamin at sosyo-kultural na pananaw ay kinakailangan para sa disenyo ng laro upang ganap na maipakita kung ano ang maiaalok ng mga laro para sa pag-aaral.

### Talahanayan 3

*Paraan at estruktura ng mga salita na nabuo sa kulturang popular ng pananamit*

ESTRUKTURA	MGA SALITA	PINAGMULANG SALITA	KAHULUGANG KONTEKSTWAL
Pagpapalit-pantig	purr estetik	nagagandahan aesthetic	Purr ! Nindot kaayo kag outfit girl. Estetik ang sinul-uban ni Rey.
Kombinasyon	shala chaka ja	maganda pangit skater	Shala kaayo og mga bisti ni Jess. Chaka ang gisuot nga jersey ni Francis. Lami lagi kaayo ka og porma ron Ja asa man ka mag duwa og skating?
	batik awit sheesh owshiii	Bigprint nanghihinayang Ekspresyon ng paghanga Ekspresyon ng magkahalong emosyon	Batik ang gisulout nga t-shirt ni Loyd. Awit, naguba gyud akong bag-ong sapatos. Sheesh ka nindot sa iyang gisul-ut nga senina. Wow, ka nindot sa imong bisti nga na palit owshiii.
	bars	varsity looks	Choyag sinul-utan nimo Bars oy.

Ipinalulutang ng talahanayan 3 ang makabagong terminolohiya na ginagamit ng mga mag-aaral sa kulturang popular ng pananamit. Ang mga salitang nakalap ay malimit na naririnig ngayon at nakita sa estruktura na kadalasan ay nasa anyong kombinasyon at pagpapalit-pantig. Pagdating sa kultura ng pananamit ng mga Pilipino, laging uso ang patok na sundin ng mga Pilipino. Ngunit noong unang panahon, ang tradisyonal na pananamit ng mga Pilipino ay Baro't Saya para sa mga babae at Barong Tagalog o Camisa de Chino para sa mga lalaki. Sa modernong panahon na ito, ang kultura ng pananamit ay nagbago dahil sa mga bagong uso. Sa kabila nito, hindi pa rin nakakaligtan ng mga Pilipino ang kahalagahan ng kultura sa pananamit.

Sa pag-aaral ni Fernando (2021), nakita na gumagamit ang mga Senior High School sa mga kasuotang ito ay ginagamit rin nila ang mga salita sa kanilang pakikipag kwentuhan sa kaklase. Isa sa kanilang rason ay nais nilang ipahayag ang kanilang sarili sa paraan ng kanilang pananamit at paggamit ng mga terminolohiyang ito upang maging pamilyar ang iba nilang kaklase sa kung ano ang tawag sa kanilang mga pamamaraan ng pananamit. Ayon kay Mariano (2020), ang pagsubaybay sa uso ay isa sa mga dahilan kung bakit parami nang parami ang yumakap sa mga bagong istilo ng pananamit. Karamihan ay nagbabanat lamang ng kanilang mga buto upang kumita at bilhin ang mga ito. Kung hindi sila nakasuot ng makabagong kasuotan, parang lumiliit sila. Nagbibigay ito sa kanila ng kompyansa sa sarili. Malaki ang impluwensya ng ating nakikita, nababasa at napapanood sa midya dahil ang mga sikat na tao ay nagsusuot ng mga ganitong damit. Ang paggaya sa hugis ng kanilang idolo ay nakaramdam sa kanila ng kasiyahan.

#### 3.2 Implikasyon ng kulturang popular sa edukasyon para sa mga mag-aaral at mga guro

Mula sa ginawang panayam ng mga mananaliksik natuklasan na mayroong malaking implikasyon ang

kulturang popular sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Senior High. Nakita na mas nakapagpapahayag sila ng kanilang nais kung gamit nila ang mga makabagong salita. Mas naging kawili-wili rin ang daloy ng komunikasyon, at mas inter-aktib ang talakayan sa klase kung ito ang ginagamit na wika sa pagbibigay ng iilang halimbawa. Pinabuluanan ni Gime at Macascas (2020) na sa paglipas ng panahon, nalilikha din ang mga bagong salita sa pamamagitan ng pagkamalikhain ng tao. Naging bahagi na ng kulturang popular ang swordspoke, jejemon at konyo. Ang wika ng Generation Z (WikaGenZ) ay nag-aambag sa wika ngayon mula sa mga pagbabagong nagaganap sa kanilang panahon dahil sa pag-unlad ng teknolohiya o impluwensya ng mga online platform tulad ng mga social media (socmed). Sa kabilang banda, nakita na sa labis na pagkahumaling at pagyakap ng mga mag-aaral sa umuusbong na kulturang popular ay nagkakaroon ng pagbaba ng kakayahan sa paggamit ng pormal sa salita sa pasulat at pasalitang gawain sa klase. Lumitaw rin na nagkakaroon ng pagkakalito sa tamang baybay at bigkas sa orihinal na salita at nahihirapan na ang mga mag-aaral sa pagtukoy sa tamang gamit ng salita. Narito ang ilang pahayag ng mga partisipante:

*“Mas nasisihayan akong gumamit ng mga bagong salita sa pakikipag-usap sa aking mga kaklase”*  
-mag-aaral A.

*“Nais kong makasabay sa uso kaya gumagamit ako ng mga bagong salita”* -mag-aaral B.

*“Nalilito na akong matukoy ang tamang baybay ng orihinal na salita sa patuloy na paggamit ko sa mga makabagong salita”* -mag-aaral C.

Binigyang-diin ni Noval (2021) na sa ganitong paraan ay lubos na mauunawaan ng pangkalahatan ang kanilang kalungkutan, pagkabigo at iba pang damdamin o saloobin na dinanas. Dagdag pa rito, lalawak ang kaalaman at pag-unawa sa kung paano ipahayag ng mga kabataan ang kanilang sarili ngayon, ang kanilang komunikasyon o mga samahan, maging ang kanilang pag-uugali. Ang pagtuturo ay kompleks na proseso. Nangangailangan ito ng pinaka-akmang estratehiya upang matamo ang mga nakatakdang kasanayan. Ayon sa pag-aaral ni Augusto (2021), ito ay nagpapahiwatig na ang pagtuturo ng guro ay kailangang makonteksto. Dapat ipaliwanag ng guro ang paksang itinuturo gamit ang mga lokal na wika at kultura upang madali itong maunawaan ng mga bata. Mula sa ginawang pag-aaral natuklasan ng mga manaliksik na ang umuusbong na kulturang popular ng mga mag-aaral ay malaking implikasyon sa pagtuturo. Maaari itong gamitin ng mga guro upang makuha ang interes ng mga mag-aaral at makabuo ng kontektwalisadong estratehiya sa pagtuturo na aakma sa kakayahan at swak sa interes ng mga mag-aaral. Sa gayong paraan mapapadali ang proseso ng pagtuturo ng mga guro kung napapanahon ang kanyang estratehiya na gagamitin upang matamo ang mga nakatakdang kasanayan. Nakita rin na may malaking impluwensiya ito sa pagkatuto kung kaya ang guro ay inaasahang makisabay sa kulturang popular na niyakap ng mga mag-aaral sa Senior High upang hindi sila mahirapan sa paggamit nito sa kani-kanilang mga klase.

Kaya sa pag-aaral ni Rucynski (2011) na ang isang guro ay hindi lamang nagtuturo ng wika, kundi pati na rin ng kultura. Ilang pag-aaral ang nagpapatunay na ang kulturang popular ay may malaking papel sa pagtulong sa mga mag-aaral na matuto ng isang wika. Bagkus sa pag-aaral ni Wells (2014) na sa tuwing ginagamit ng mga tagapagturo ang kulturang popular, ito ay humahantong hindi lamang sa pag-aaral, kundi pati na rin sa pag-aalis ng mga stereotype, malawak at malalim na talakayan, at pagbuo ng mag-aaral upang makasabay sa nagbabagong mundo.

#### **4. Kongklusyon at rekomendasyon**

Napatunayan sa pag-aaral na ang kultura ay sinasalamang ng wika, walang wika kung walang kultura. Nakita na habang umuusbong ang kulturang popular ay yumayaman rin sa makabagong pananalita at katawagan ang wika. Nagpapatunay lamang nito na kakambal ng wika ang kultura. Mula sa mga salita na nabuo at nakalap sa mga kulturang popular ay nabigyang-diin na ang wika ay dinamiko ay patuloy itong nagbabago at nagdedebelop ng mga bagong salita ayon sa kultura ng lingwistikong komunidad. Malinaw na nakita sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Senior High ay mainit na niyakap ang umuusbong na kulturang popular na naging basehan sa pagkabuo

ng makabagong katawagan na ginagamit nila. Nakita rin sa papel na ito ang mga wika na nabuo ay batay sa interes at sa napapanahong kaugalian ng mga kabataan. Nakuha ang mga salita na pagpapalit-pantig, pagbabaligtad, paggamit ng akronim, at kombinasyon na mga salita. Nakita ang ang kanilang mga rason sa pagtangkilik sa kulturang popular ay sa kadahilanang nais nilang maging-in sa uso, nais nilang ipakita ang kanilang sarili at mas nasisiyahan sila kung ito ang kanilang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipagpatuloy ang pag-aaral sa makabagong wika na dulot ng umuusbong na kulturang popular. Ang implikasyon nito sa kakayahang diskurso ng mga mag-aaral sa Senior High (pasulat at pasalita). Maging bukas at handa sa pagtanggap ang mga guro sa umuusbong na kultura ng mga mag-aaral at gamitin sa pagtuturo ang mga makabagong wika bilang hulwaran sa pagbuo ng kontekswalisadong kagamitan.

## 5. Sanggunian

- Augusto, W. Jr., S. (2021). Mga wika sa sining ng kulit: Implikasyon sa kultura at pagtuturo. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4), 13-24. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.5081>
- Clapton, W. (2015). Pedagogy and pop culture: Pop culture as teaching tool and assessment practice. *E-International Relations*.
- Concepcion, G. P. (2012). Ang umuusbong na wika ng kabataang Filipino sa paglalaro ng DoTA. In J. M. Peregrino, P. C. Constantino, N. S. Ocampo, & J. D. Petrsa (Eds.), *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino* (pp. 176-181). Philippines: Sentro ng Wikang Filipino.
- Fernando, C. (2021). *Kulturang pilipino: Alamin at kilalanin ang mayamang kultura ng pilipinas*. Retrieved from <https://www.zenrooms.com/blog/kulturang-pilipino>
- Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(3), 41-49. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823>
- Issa, S. (2020). 7 Political comics and cartoons in language education. *Pop Culture in Language Education: Theory, Research, Practice*, 121.
- Noval, A. T. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(4), 1-12. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069>
- Nueva Ecija University of Science and Technology College of Education SEF 10: Mga Natatanging Diskurso sa Wika at Panitikan, (n.d.). Retrieved from <https://www.coursehero.com/file/87747869/KULTURANG-POPULAR-SA-PANANAMIT-NG-BANSANG-PILIPINASpdf/?fbclid=IwAR01SD5wLux9q8AgsVJ1aPRTpGfNGIXkfFTwrGkLL2Q6CBK-1CciMjzZVzM>
- Plass, Jan. L., et al. (2019). Theoretical foundations of game-based and playful learning. *Handbook of Game-based Learning*, mga ed. Plass, Jan L., Richard E. Mayer, at Bruce D. Homer. The MIT Press.
- Rucynski (2011). *Kulturang popular: Kasangkapan sa pagtuturo ng wika at panitikang pilipino sa panahon ng pandemya*. <https://www.researchgate.net/publication/356853239>
- Saberola, L. P. (2018). Pagbuo, pagtanggap at baliditi ng modyul: Kontekstwalisasyon ng mga piling aralin sa Filipino 8 Gamit ang Dominyo ng Kulturang Popular. *MSEUF Research Studies*, 20(1), 1.
- Tubio, A. Y., Platilla, A. P., Ancheta, J. M. O., Oaña, J. R. L., Corre, J. R. J., Ochave, J. A., & Matunog, N. B. P. (2017). *Perception of grade 11 students in selected schools in Trece Martires City about the language existing on social media* [Panahon ng mga mag-aaral sa baitang 11 sa mga piling paaralan sa Trece Martires City hinggil sa umiiral na salita sa social media] [Tesis, Trece Martires Senior High School, Cavite].
- Wells (2014). *Kulturang Popular: Kasangkapan sa pagtuturo ng wika at panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya*. Hango mulas sa <https://www.researchgate.net/publication/356853239>
- Werner, V. (2020). Teaching grammar through pop culture. In *Pop Culture in Language Education* (pp. 85-104). Routledge.

